

# Kahalagahan ng Komprehensibong Edukasyon sa Personal na Kalusugan at Kaligtasan at Kalusugang Sekswal

Ipinapakita ng pananaliksik na ang pagtuturo para sa mga mag-aaral sa lahat ng baitang sa ilalim ng *edukasyon sa personal na kalusugan at kaligtasan at kalusugang sekswal* – kapag ginawa nang komprehensibo – ay nagtataguyod ng kumpiyansa sa sarili at pakiramdam ng pagiging kabilang. Maaari din nitong mapigilan ang mga problema sa kalusugan, di-inaasahang pagbubuntis sa mga kabataan, at maraming uri ng karahasan. <sup>i ii</sup>

Ang mga Pamantayan sa Pag-aaral ng Illinois para sa Komprehensibong Edukasyon sa Personal na Kalusugan at Kaligtasan at Kalusugang Sekswal ay nagbibigay sa mga distrito na pipiliing ituro ang mga paksang ito ng tumpak sa medikal, batay sa ebidensya, tumutugon sa kultura, at batay sa trauma na gabay para sa pagtuturong naaangkop sa edad sa lahat ng baitang.

## Ang Tungkulin ng mga Magulang/Tagapangalaga:

Ang mga magulang/tagapangalaga ay may mahalagang tungkulin sa pakikipag-usap sa kanilang mga anak tungkol sa kalusugang sekswal, at ang batas ay nagbibigay ng maraming paraan para sa mga magulang/tagapangalaga upang maging kasali at malaman ang pagtuturo na natatanggap ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, maaaring piliin ng mga magulang/tagapangalaga na huwag ilahok ang kanilang mag-aaral sa pagtuturo.

Gaya ng iniaatas ng batas ng estado, ang Pamantayan sa Pag-aaral ng Illinois para sa Komprehensibong Edukasyon sa Personal na Kalusugan at Kaligtasan at Kalusugang Sekswal ay ang mga Pambansang Pamantayan sa Edukasyon sa Sekso. Ang mga pamantayan ng Illinois ay isinaayos sa pitong aspeto: <sup>iv</sup>

- Pahintulot at Mabuting Ugnayan
- Anatomiya at Pisyolohiya
- Pagbibinata/Pagdadalaga at Sekswal na Pagdebelop ng Kabataan
- Pagkakakilanlan at Pagpapahayag ng Kasarian
- Sekswal na Oryentasyon at Pagkakakilanlan
- Kalusugang Sekswal
- Karahasang Interpersonal

Ang edukasyon sa sekso sa Illinois ay opsyonal na ibibigay ng mga distrito.



## Mababang Paaralan:

Ang pagtatakda ng pundasyon para sa kaligtasan sa mga unang baitang ay nagtuturo tungkol sa pagpayag, mga hangganan, at mabuting ugnayan. “Ang mga bata ay pinaka-bulnerable sa sekswal na pang-aabuso sa pagitan ng edad na 7 at 13. Ang median na edad para sa iniulat na pang-aabuso ay 9 na taong gulang sa buong bansa.” <sup>iii</sup>

## Ikalima Hanggang Ikwalong Baitang:

Ang pagtuturo sa yugtong ito ng pag-aaral ay isang mahalagang salik sa pag-aambag sa isang mabuting kalagayan ng paaralan, pati na rin ang pagpigil sa bullying, pagpapakamatay, mga hamon sa kalusugang mental, at panghahas sa mga kasamahan sa online at sa personal.

## Mataas na Paaralan:

Ang mga mag-aaral na papalapit sa pagtanda ay nakakakuha ng mga kasanayan at tool para sa pag-navigate sa mga ugnayan, kabilang ang mabuting sekswal na ugnayan.

**Mga Katanungan: Makipag-ugnayan sa Wellness Department ng ISBE sa**

[sexualhealtheducation@isbe.net](mailto:sexualhealtheducation@isbe.net)

Tingnan ang gabay: [isbe.net/sexualhealth](https://isbe.net/sexualhealth)

<sup>i</sup> <https://www.cdc.gov/healthyouth/whatworks/what-works-sexual-health-education.htm>

<sup>ii</sup> Journal of Adolescent Health 68 (2021) 13e27. Eva S. Goldfarb, Ph.D., and Lisa D. Lieberman, Ph.D., Three Decades of Research: The Case for Comprehensive Sex Education. DOI: <https://doi.org/10.1016/j.jadohealth.2020.07.036>

<sup>iii</sup> [http://www.d2l.org/wp-content/uploads/2017/01/all\\_statistics\\_20150619.pdf](http://www.d2l.org/wp-content/uploads/2017/01/all_statistics_20150619.pdf)

<sup>iv</sup> <https://siecus.org/wp-content/uploads/2020/03/NSES-2020-web-updated-1.pdf>

